

# Retorika at Reyalidad:

## Paano Nakaaapekto and Official Development Assistance sa mga Non-Moro Indigenous People's sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao?

Pananaliksik at Pagsusuri ni Isaak Heller
Pulitikal na mga panawagan ng LOYUKAN

Agosto 2024

Retorika at Realidad:
Paano Nakaapekto ang Official Development Assistance sa mga Non-Moro Indigenous People's sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao?

Pananaliksik at Pagsusuri ni Isaak Heller
Puliitkal na mga panawagan ng LOYUKAN
Agosto 2024

Inilathala ng FOCUS ON THE GLOBAL SOUTH sa pakikipagtulungan sa Timuay Justice and Governance (TJG) at ng LOYUKAN

Pabalat na Litrato: mula sa Loyukan

## Panimula

Ang pagkakapasa noong 2018 ng Bangasamoro Organic Law (BOL) ay napakalaking hakbang para sa pagtataguyod ng kapayapaan sa Bangasamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (BARMM). Pinormalisa ng BOL ang pagsasarili ng Bangsamoro sa pagkakalikha ng Bangsamoro Transition Authority (BTA) bilang pansamantalang gobyerno ng BARMM hanggang 2025, at nangako ng "tiyak na identidad at pag-unlad" para sa lahat ng mamamayan sa rehiyon. Sa gitna ng mga negosasyon na nagresulta sa pagkakalikha ng BOL, ang mga Non-Moro Indigenous People (NMIPs) ay matagumpay na na-igiit ang kanilang sarili. Nagbunga ito ng mga probisyon para sa buong pagkakalakip ng mga karapatan ng mga Katutubo sa batas (Bangsamoro Organic Law Sec. 3, par 4, Art. IX).

Gayunpaman, sa kabila ng mga probisyong ito, patuloy na nakararanas ang mga NMIPs ng sistemikong diskriminasyon, karahasan, pagpapalayas, at kawalan ng politikal na representasyon sa gubyerno ng BTA.



***"Ang hindi pagpapatupad ng pambansang polisiya par sa sa mga Katutubo, o ang Indigenous Peoples Rights Act of 1997 (IPRA)... ang pagbigo sa pakakapasa ng isang tunay na NMIP Code na magsisilbing polisiya sa rehiyon na kikilala sa aming mga karapatan bilang mga Katutubo sa BARMM...[at] ang papatinding agresyon at pananamantala sa mga likas na yaman sa rehiyon, kasama ang aming mga lupaing ninuno na buong kasaysayan naming inalagaan at ipinagtanggol ang tatlong malalaking usaping kinahaharap naming NMIPs."[1]***

**Timuay Labi Leticio Datuwata, Supreme Chieftain ng Timuay Justice and Governance**

[1] LOYUKAN TO DIPLOMATIC COMMUNITY: Protect Rights and Ensure Participation of Non-Moro Indigenous Peoples In Peace and Development Efforts In BARMM, March 10, 2024

**Ano ang Official Development Assistance?**

Official Development Assistance, o ODA, ay "tulong mula sa gubyerno [kadalasang mula sa mayayamang bansa] na dinisenyong magtulak ng pag-unlad ng ekonomiya at kagalingan ng mga papaunlad palang na bansa." Ang tulong o ayuda na ito ay pinapadaan minsan sa mga *multilateral* na ahensya ng pag-unlad tulad ng United Nations Development Programme (UNDP), at naisasalin bilang mga proyektong may mga tiyak na layunin, nagpapatupad, at aktibidad. Bagaman mistulang pilantropiko ang gawaing ito, ang ODA ay madalas gamitin para itaguyod ang interes ng bansang nagbibigay nito. Halimbawa, ang ayuda ay nagpapahintulot na pakinabangan at pasukin ng mga korporasyon ng nagbigay na bansa, ang rekurso at merkado ng bansang binigyan ng ayuda, o palakasin ang diplomatikong ugnayan sa pagitan ng dalawang bansa.

## ODA At Ang Mga Non-Moro IPs

Madami na'ng development aid na pumasok sa BARMM, bahagi nito ay dahil sa mga sigalot sa rehiyon. Noong 2022, mayroong 61 na aktibong *development projects* na may malaking tutok sa BARRM. Ang karaniwang halaga ng mga proyektong ito ay nasa humigit-kumulang 7.4 Milyong dolyares at isinagawa sa loob ng 3.4 taon.[2]

Habang ibinabandera ng mga programang kaugnay ng Official Development Assistance ang pag-unlad, kapayapaan, at istabilidad, may mga pagkakataing nakasama ang mga programang ito sa mga NMIPs. Ang ODA ay (a) nagpondo ng mga para lang sa kita na export-oriented na ekonomikong proyektong pangkabuhayan na naghihikayat ng pagkamkam sa mga lupaing ninuno gamit ang mga insentiba, (b) nagbigay lamang ng mumo o *token* na suporta para sa mga proyektong dinisenyo kasama ang mga Indigenous Political Structures (mga istruktura ng pamumuno/pangangasiwa sa mga Katutubong komunidad), at/o mga plano para sa pag-unlad na dinisenyo ng mga Katutubong komunidad, (c) pinondohan ang mga kampo Omar at Badre ng MILF, na nasa loob ng mga lupaing ninuno ng mga Teduray Lambangian, ng walang masusi na Malaya, Pauna at May Kaalamang Pahintulot o Free, Prior and Informed Consent (FPIC), (d) napakaliit lamang ng naiambag sa pagpigil ng armadong labanan, paglikas/pagpapalayas o *displacement*, at karahasang batay sa kasarian *(gender-based violence)*, at (e) hindi

[2] https://neda.gov.ph/oda-portfolio-review-report-2022/, January 20, 2024

nagpahintulot sa sapat na mga konsultasyon, paglahok, at pagpapalaganap ng impormasyon sa mga apektadong Katutubong komunidad.

## Ayudang Pang-kaunlaran *(Development Aid)* Para sa Suporta sa Kabuhayan, Imprastraktura, at Serbisyong Panlipunan



CC licensed photo by Bigul Malayi from the WordPress Photo Directory

### Suporta sa Kabuhayan

Halos lahat ng mga programang ODA para sa kabuhayan ay nakatuon sa paglikha ng agrikultural na ekonomiyang pang-eksport sa pamamagitan ng (a) pagtataguyod ng mga kooperatiba, *agri-business*, at pamumuhunan ng pribadong sektor, (b) pagbibigay ng mga pasilidad para sa pagpoproseso ng mga ani, imprastraktura ng

transportasyon, at pasilidad para sa pag-eexport, at (c) "pagpapalakas ng kakayahang makipagsabayan sa merkado" ng mga Katutubo, mahihirap, at mga komunidad na apektado ng sigalot sa pamamagitan ng pag-ugnay sa kanila sa *value chains,* at pagsusulong ng mga polisiyang kapaki-pakinabang sa pag-e-export. Habang ang balangkas daw ng mga ito ay para sa paglikha ng mga trabaho para sa mga napag-iiwanang komunidad, sa katunayan ay binubuksan nito ang mga lupain ninuno para sa komersyal na agrikultura at pagsimot ng likas-yaman, at matinding agawan sa mga rekurso nito. Ang agawan sa rekurso ay napaka-mapanganib para sa mga komunidad kapag walang pormal na mga titulo ng lupa, kapag malayang nakakagamit ng dahas, korupsyon, at sistema ng batas ang mga korporasyon at makapangyarihang mga tao para mangamkam ng lupa. Dagdag pa, nagagamit sa pulitika ang kapangyarihang mamili kung sino ang mabibigyan ng suporta sa kabuhayan. Kapag hinahayaan ng mga nagpopondo, na ang mga organisasyong pinopondohan nila para tumulong sa Katutubong komunidad, ay hindi isinasangkot ang mga Katutubong Istrukturang Pulitikal (Indigenous Political Structures), napapalabnaw at napapahina nito ang pulitikal na pagkakaisa ng mga Katutubo, na maglalantad sa kanila sa mas marami at malalang paglabag sa kanilang mga karapatan.


| Programang Pangkabuhayan na Lampas sa 10 Milyong Dolyar[3] | | | |
|---|---|---|---|
| Pangalan ng Proyekto | Magkano (Milyong Dolyar), Petsa ng Simula, Petsa ng Pagtatapos | Nagsusulong ng Ekonomiyang Pang-export na Pinangungunahn ng Pribadong Sektor? | Nagpondo |
| Marawi Response Project | 25.0, 29-Aug-18 31-Mar-23 | Oo[4] | USAID |

[3] https://neda.gov.ph/oda-portfolio-review-report-2022/, January 20, 2024
[4] https://www.google.com/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&ved=2ahUKEwikm8vxo_2DAxWOhGMGHR9lCxIQFnoECBUQAQ&url=https%3A%2F%2Fpdf.usaid.gov%2Fpdf_docs%2FPA00TQ9C.pdf&usg=AOvVaw1B58dtHDCzpUEK_nXl-tf6&opi=89978449, January 20, 2024

| | | | |
|---|---|---|---|
| Agri-business development in Bangsamoro Region | 20.4, 27-Dec-21 27-Dec-28 | Oo[5] | European Union |
| Second Additional Financing for Philippine Rural Development Project (part of MINPAD[6]) | 18.7, 19-Jul-21 31-Jul-24 | Oo[7] | World Bank/ European Union |
| Strengthening the Implementation of Regional and Local Peace and Development Agendas in Mindanao (part of MINPAD) | 18.4, 11-Nov-20 30-Jun-25 | Oo[8] | European Union and Germany |
| Programme for the Urgent Improvement of Socioeconomic Infrastructures in Bangsamoro Region | 13.3, 08-Jun-22 31-Mar-24 | Oo[9] | JICA |
| Philippines country strategic plan (2018–2023): Strategic Outcome 3 | 12.5, 01-Jul-18 31-Dec-23 | Oo[10] | World Food Program |

[5] https://ec.europa.eu/transparency/documents-register/detail?ref=C(2020)8436&lang=en, January 20, 2024
[6] https://www.minda.gov.ph/news/645-mindanao-rising-mindanao-agri-aqua-sector-gets-p3-1-b-eu-grant-funds, January 20, 2024
[7] https://documents.worldbank.org/en/publication/documents-reports/documentdetail/590401468780897504/project-information-document-concept-stage-philippine-rural-development-program-p132317, January 20, 2024
[8] https://www.giz.de/en/worldwide/124119.html, January 20, 2024
[9] https://neda.gov.ph/oda-portfolio-review-report-2022/, January 20, 2024
[10] https://www.wfp.org/operations/ph02-philippines-country-strategic-plan-2018-2023, January 20, 2024

## Serbisyong Panlipunan



***"Napakahirap matamasa ang edukasyon mula elementarya hanggang kolehiyo. Ganito din sa iba pang mga serbisyong panlipunan dahil ang aming mga komunidad ay nasa mga mahirap puntahan at liblib na lugar, at walang akses sa impormasyon kaugnay ng mga programang ODA."***[11]
**Ricamae Ented, Teduray, Lambangian Youth and Students Association (TLYSA)**

Malinaw na kinahaharap ng mga komunidad ng mga NMIP ang hirap sa pagtamasa ng mga susing serbisyong panlipunan tulad ng pangkalusugan at edukasyon, at marapat na pagtuunan ng espeyal na konsiderasyon pagdating sa mga tulong pangkaunlaran (*development aid)* na mga proyekto. Makikita sa mga dokumento ng mga proyekto sa ilang maliliit na programa ng UNICEF[12][13][14][15][16] ang espesyal na diin para sa pagpapa-abot ng mga serbisyong panlipunan sa mga bulnerableng mga populasyon, kabilang ang mga Katutubo, pati na sa 14.94 Milyong Dolyar na proyektong *BARMM Health Capacity Building*[17] ng USAID. Ang ipa pang mga ODA na may bahaging nakatuon sa serbisyong panlipunan ngunit hindi kasali ang mga Katutubo ay ang 22.5 milyong dolyar na *Support to Bangsamoro Transition,*[18] ng European Union, suporta mula sa Embahada ng Japan para sa suplay sa tubig at gamit medikal, at iba't-ibang mga programang tugon sa Covid[19]. Gayong tila hindi bukas sa publiko ang mga dokumento ng tatlong pangunahing mga programang ODA sa edukasyon sa BARMM, ang kaunting impormasyong makakalap kaugnay ng mga ito ay karampot lang ang pagbanggit kaugnay ng pagbibigay pansin sa mga Katutubo. Wala ni-isa sa mga dokumentong ito ng mga proyekto sa serbiyong

---

[11] LOYUKAN TO DIPLOMATIC COMMUNITY: Protect Rights and Ensure Participation of Non-Moro Indigenous Peoples In Peace and Development Efforts In BARMM, March 10, 2024
[12] https://jointsdgfund.org/programme/ensuring-inclusive-and-risk-informed-shock-responsive-social-protection-resulting-more, January 20, 2024
[13] https://open.unicef.org/country-output?output-id=3420A006004003000, January 20, 2024
[14] https://open.unicef.org/country-output?output-id=3420A006001005000, January 20, 2024
[15] https://open.unicef.org/country-output?output-id=3420A006003006000, January 20, 2024
[16] https://open.unicef.org/country-output?output-id=3420A006002004000, January 20, 2024
[17] https://www.google.com/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=s&source=web&cd=&ved=2ahUKEwjb_sG80vqEAxWZnGMGHaVfAG8QFnoECBkQAQ&url=https%3A%2F%2Fpdf.usaid.gov%2Fpdf_docs%2FPA00XGH5.pdf&usg=AOvVaw2gvwzStKrMdX20QB9Noe6W&opi=89978449, January 20, 2024
[18] https://subatra.org/subatra/, January 20, 2024
[19] https://neda.gov.ph/oda-portfolio-review-report-2022/, January 20, 2024

panlipunan ang bumabanggit ng pagkakaiba sa pagitan ng mga Katutubo at Hindi-Moro na Katutubo.

# Sigalot, Kapayapaan, At Seguridad

**Ang Teduray Lambangian**

Ang Teduray Lambangian at ang istruktura nila ng pamamahala na kilala bilang Timuay Justice and Governance ay pangunahing binubuo ng mga NMIPs mula sa probinsya ng Maguindanao del Norte, Maguindanao del Sur, at Sultan Kudarat sa BARMM. Noong 2005, sinimulang igiit ng Teduray Lambangian ang karapatan nila sa kanilang lupaing ninuno, na nasasabatas sa ilalim ng Indigenous Peoples Rights Act of 1997, sa pamamagitan ng pagproseso ng titulo ng lupa, kilala bilang Certificate of Ancestral Domain Title (CADT), mula sa Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan (National Commission on Indigenous Peoples (NCIP). Gayunpaman, nagsampa ang BTA ng Cease and Desist Order (Resolution 38) laban sa NCIP kaugnay ng pagpoproseso ng Teduray Lambangian ng CADT. Giit ng BTA, ang Ministry of Indigenous Peoples Affairs (MIPA) at hindi ang NCIP ang may hurisdiksyon sa BARMM[20]. Giit naman ng ligal na iskolar na si Dante Gatmaytan na sa ilalim ng Organic Law, "Hindi mapipigilan ng BARMM ang NCIP sa pagproseso ng mga *applications* habang nasa transisyon ang BARMM," at "kahit pa pagkatapos ng transisyon, anumang batas na maipasa sa BARMM ay hindi pwedeng taliwas o kaiba sa nakasaad sa IPRA, o magbigay ng mas kaunting karapatan kaysa sa kinikilala ng IPRA," [21] Tinutulan ng MIPA ang pagbibigay ng CADT na ito, at ang pag-abante nito ay barado sa kasalukuyan. Ang kawalan ng CADT na ito ay sinasamantala at ginagamit na katwiran para sa malawakang pagkamkam ng mga lupa (tatalakayin sa ibaba.)


Pag-Dekomisyon sa mga Kampo ng MILF

Sa ilalim ng Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB), na nilagdaan ng MILF at Pamahalaan ng Pilipinas noong 2014, pumayag ang MILF sa decommissioning ng kanyang Islamic Armed Forces (BIAF). Naipatupad ito sa pamamagitan ng paglikha ng anim na decommissioning camps para sa mga pwersa ng BIAF. Bahagi ng pondo para dito ay mula sa *development aid.*

---

[20] https://officialgazette.bangsamoro.gov.ph/2022/05/23/resolution-no-38-delineation-process-for-ancestral-domain/, July 14, 2024

[21] https://www.lrcksk.org/_files/ugd/dc2292_d19a1881415b41f5acedda4f609df80b.pdf, June 20, 2024




| TRIBES | # OF HH |
|---|---|
| TEDURAY | 14,563 |
| LAMBANGIAN | 480 |
| DULANGAN MANOBO | 383 |
| OTHER IPs | 84 |
| TOTAL | 15,510 |

| SUMMARY OF POPULATION IN THE ANCESTRAL DOMAINS CLAIM AREA (2014) | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| MUNICIPALITY | IP RIGHT HOLDERS | MIGRANT IP | MORO | CHRISTIANS | TOTAL |
| TOTALS | 67% | - | 17% | 16% | 190,007 |

Dalawa sa mga kampong ito, Camp Badre at Omar, ay nasa loob ng mga lupaing ninuno ng mga Teduray Lambangian. Ang dalawang kampo palang na ito ay sumasakop na sa lampas 10,000 ektarya at lalawak pa. Ang pondo ng ODA para sa mga kampong ito ay (a) ginagawang lehitimo ang malawakang pagkamkam ng mga lupain at paglabag sa mga karapatan, at (b) nagsusulong ng pagsasaka para sa export na nag-eengganyo ng lalo pang pagkamkam ng mga lupa gamit ang mga insentiba. Ang ODA para sa mga kampong ito ay pangunahing pinadadaloy sa United Nations Development Program (UNDP) at World Bank.

| Mga Programang Lantarang Pinopondohan ang mga Kampo ng MILF[22] | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pangalan ng Proyekto | Halaga (Milyong Dolyar) | Petsa ng Simula | Petsa ng Pagtatapos | Nagpondo |
| Programme on Assistance for Camp Transformation through Inclusion, Violence Prevention and Economic | 3.98 | 07-Jan-22 | 06-Jan-24 | European Union, UNDP |

22 https://neda.gov.ph/oda-portfolio-review-report-2022/, January 20, 2024

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Empowerment[23] | | | | |
| Assistance for Security, Peace, Integration and Recovery for advancing human security in BARMM[24] | 4.10 | 01-Nov-22 | 30-Jun-25 | Government of Japan, UNDP |
| Access to Legal Identity and Social Services for Decommissioned Combatants[25] | 1.1 | 2022-04-07 | 2023-10-06 | European Union |

Bahagi ng suporta para sa mga kampo ng MILF ay napupunta sa imprastrakturang industriyal at komersyal na pagsasaka, na malamang, ang ilang bahagi, ay na sa mga lupaing ninuno ng mga Teduray Lambangian. Ang mga dokumentong maaring mabasa kaugnay ng mga proyektong ito ay kaunti lang ang bibanggit kaugnay sa mga Katutubo. Walang malinaw na mga plano para maiwasan ang anumang kapahamakan sa mga Katutubo, walang malinaw na pagpapalahok at pakikipag-ugnayan sa mga Katutubo at iba pang mga *stakeholders*, walang kalakip na mga programang tutugon sa mga reklamo o pangamba ng mga Katutubo, at walang binabanggit kaugnay ng Malaya, Pauna at May Kaalamang Pahintulot o *Free Prior and Informed Consent*. Dagdag pa, dapat ay nagsasagawa ng mga Social and Environmental Screenings ang UNDP bago ipatupad ang mga proyektong ito, gayunpaman, wala ang mga dokumentong ito sa mga dokumentong isinapubliko ng website ng UNDP para sa mga proyektong nabanggit.

[23] http://open.undp.org/projects/00121846, January 20, 2024
[24] http://open.undp.org/projects/00141647, January 20, 2024
[25] https://www.eeas.europa.eu/delegations/philippines/access-legal-identity-and-social-services-decommissioned-combatants-alias-dc_en, January 20, 2024





Figure 3.21 Aerial View of Camp Badre Core Area

BPDA Website:

Marami sa mga proyektong hawak ng World Bank na nagpopondo sa mga kampo ng MILF ang hindi pa aktibo noong 2022, at hindi kasama sa pinakabagong *audit* ng NEDA pero isinama sa Bangsamoro Planning and Development Authority website[26]. Kabilang dito ang *Bangsamoro Normalization Trust Fund* (na pinopondohan 4.0 Milyong Dolyar na *Bangsamoro Camps Transformation Project*), ang *Mindanao Trust Fund-Reconstruction and Development Project Phase II* (MTF-RDP 2, na 3.2 Milyong Dolyar), at ang *Mindanao Trust Fund-Reconstruction and Development Project Phase III* (MTF-RDP 3, na may halagang 3.0 Milyong Dolyar). Katulad sa kasalukuyang *Bangsamoro Camps Transformation Project*, ang MTF-RDP 2 at 3 ay nagbigay ng pondo para sa mga imprastrakturang sosyo-ekonomiko (halimbawa ay patubig, kalsada, at pasilidad para sa mga ani *(post-harvest facilities)*), imprastraktura sa mga

[26] https://knowledge.bpda.bangsamoro.gov.ph/open-data/official-development-assistance, March 10, 2024

komunidad para sa kalusugan (tulad ng hand-washing stations, health centers, at health stations), isang Alternative Learning System, at mga panimulang gamit para sa kabuhayan. Ang dalawang programang ito ay may nakalaang pondo para sa mga apektadong Katutubong komunidad ng mga kampo para sa mga proyektong "natanto sa pamamagitan ng mga proseso-sa-pagpapasya ng mga Katutubo". Ang Phase II ay may mga *subprojects* na "maaaring may masamang epekto sa kapaligiran, sosyo-ekonomiko-kultural-pulitikal na pamumuhay ng mga Katutubong komunidad", kaya't nangangailangang magtiyak ng Malaya, Pauna at May Kaalamang Pahintulot o Free, Prior, and Informed Consent. Ayon sa Phase III, dahil "walang inaasahang masamang epekto sa lupa at likas-yaman, pamanang kultura, o magdulot ng anumang pagpapalikas sa ilalim ng RDP3", ang Free Prior Informed Consent ay hindi kailangan. Ayon sa proyekto, ito ay "magsasagawa ng prosesong kalahok ang mga Katutubong komunidad, kalakip ang paghingi ng kanilang pahintulot bago magsimula para matiyak ang pagtanggap nila sa proyekto na pagtitibayin ng isang resolusyon mula sa konseho ng mga Katutubo."[27][28]

Gayong ang mga dokumento ng mga proyektong hawak ng World Bank ay tumutugon sa mga usaping kritikal para sa mga Katutubong nakatira malapit sa mga kampo ng MILF, hindi ito kadalasang ramdam ng mga Katutubo sa mga pamayanan. Walang maalala ang mga susing lider NMIP na kahit isang tunay na proseso ng FPIC na ginawa para sa mga proyektong kaugnay ng mga kampo sa loob ng kanilang lupaing ninuno, a anumang makabuluhang pagpapalaganap ng impormasyon at pagengganyo ng paglahok ng mga NMIP (mga Indigenous Political Structures, Indigenous Peoples Organizations, at mga organisasyong nagsusulong ng pagkamit ng lupaing ninuno). Hindi rin malinaw kung ang mga pondong dapat na nakalaan para sa prayoridad ng mga Katutubo ay naisakatuparan.[29] Ang mga pagkakaiba at hindi pagkakaayon sa pagitan ng karanasan ng mga lider NMIP at ng mga hakbang na nakasaad sa mga dokumento ng mga proyekto ay dapat malalim na imbestigahan para malaman kung (a) nangyari nga ba ang mga hakbang na nakasaad sa mga dokumento, at (b) sino ang mga nagpasya kaugnay ng mga proseso ng FPIC at paglalaan ng pondo.

## Armadong Banta, Hustisya, at Pamamagitan sa mga Sigalot

Ang seguridad at hustisya ay mga kritikal na problema ng mga komunidad ng NMIPs na dapat tugunan ng ODA. Ang mga walang laban na mga komunidad ng

[27] https://projects.worldbank.org/en/projects-operations/project-detail/P174480, January 20, 2024
[28] https://projects.worldbank.org/en/projects-operations/project-detail/P164019, January 20, 2024
[29] Meeting with NMIP leaders, January 12th, 2023

NMIP ay ginagamitan ng mga armadong pagbabanta mula sa MILF, MNLF, mga angkan, pulitiko, mula sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters, at mga korporasyon. Gayong ang pangunahing tugon ng mga NMIP sa aramadong mga sigalot ay paglikas, naitala sa isang malayang imbestigasyon ng tagapagbalita na Rappler na limampu't-limang Teduray Lambangian na ang napapatay sa BARMM simula noong 2018.[30]




Bangsamoro Information Office

Ang mga walang armas na mga komunidad na namumuhay sa mga hitik sa likas-yamang lupaing nakapalibot sa mga kampo ng MILF ay lantad na lantad sa mga armadong pangangamkam ng kanilang lupa at mga paglabag sa kanilang karapatang pantao. Gayong dalawang programang kasama sa *audit* ng NEDA ang may kalakip na pondo para sa pagsusulong ng kapayapaan, at mapagkaisang pagpapasya sa pagitan ng mga kampo ng MILF at mga nakapaligid na komunidad (ang 4.7 Milyong Dolyar na *Accompanying the Transition, Transformation of conflict, and Advocacy on social cohesion In the Normalisation of Bangsamoro*[31], at *Dialogue*

30 https://www.rappler.com/newsbreak/investigative/when-defending-fighting-ancestral-lands-indigenous-people-hits-dead-end/, April 1, 2024

31 https://www.eeas.europa.eu/delegations/philippines/attain-project-accompanying-transition-transformation-conflict-and-advocacy-social-cohesion_en, January 20, 2024

*and Engagement in Communities to Foster Peaceful Camps Transformation*[32]), nagpapatuloy ang pagkamkam sa mga lupain nang walang napaparusahan.

Ang tanging mga programa na may tiyak na mga layuning kaugnay ng pagprotekta at/o pagbibigay ng pamamagitan sa mga sigalot *(conflict mediation)* para sa mga Katutubo ay ang 3.0 Milyong Dolyar na *Restoring Livelihoods and Learning in Marawi* (na pangunahing napupunta sa mga Maranao, na hindi mga NMIP),[33] at ang .75 Milyong Dolyar (1.82 milyon ayon sa mga dokumento ng proyekto), na *SUSTAIN-PEACE*[34] na pinondohan ng Australia, na naglalagak 0.28 Milyong Dolyar (ayon sa mga dokumento ng proyekto) para suportahan ang pagtuon ng pansin sa mga napag-iiwanang mga grupo tulad ng kababaihan, kabataan, at Katutubo. Gayong maliit lang ang inilalaang halaga ng *SUSTAIN-PEACE* para sa pakinabang ng mga Katutubo, ang pondong ito ay tapat at naayon sa mga pangangailangang kinilala ng mga Teduray Lambangian. Marahil nakapaglaan din ang *START-PEACE* ng maliit na halaga para suportahan ang mga Katutubong komunidad.

Ang iba pang mga ODA na nakatuon sa seguridad na maaring pakinabangan ng mga NMIP ay ang mga sumusuporta sa (a) pagpigil sa pagkalat ng mga simple at maliiit na mga armas *(Small Arms ang Light Weapons)*, (b) isang nagsasariling mekanismo para sa pagbuwag ng mga pwersang armado o *Independent Decommissioning Body*, (c) pagtatatag ng mga mekanismo para sa maagang-babala-at-tugon *(early-warning-and-response mechanisms)* (na mahigpit na makikipag-ugnayan sa mga grupo/ahensyang panseguridad para sa kapayapaan tulad ng JPSTs, ang CCCH, at AHJAG, at sa mga lokal na *Peace and Order Councils* at *Disaster Risk Reduction and Management Councils),* (d) at susuporta sa *Women Insider Mediators' Rapid Action and Mobilization Platform* (isang magkasamang inisyatiba ng UNDP at ng *Bangsamoro Women's Commission*, na kinabibilangan ng piling mga kasapi ng BIWAB, na magpapalakas ng mga kakayanan ng mga kababaihan sa mga komunidad ng MILF para aktibong mag-organisa para matukoy ang mga maaring banta at mapagkaisang umugnay sa mga lider ng komunidad para tugunan ang mga ito), (e) ang *Joint Peace and Security Teams* at iba pang JNC bodies, (f) at mga hakbang para maiwasan, malutas, at mabawasan ang epekto ng mga mararahas na sigalot kasama ang including *rido* (sa pag-gamit ng dayalogo, pamamagitan, pagsangkot sa komunidad, mga using dialogue, mediation, community

---

[32] https://www.eeas.europa.eu/delegations/philippines/de-conflict-dialogue-and-engagement-communities-foster-peaceful-camps-transformation_en, January 20, 2024

[33] https://www.adb.org/sites/default/files/project-documents/52313/52313-001-smr-en_1.pdf, January 20, 2024

[34] http://open.undp.org/projects/00138115, January 20, 2024

engagement, konseho ng mga nakatatanda o *council of elders*, a at sa pagitan ng magka-pananampalataya (intra- faith)/kapwa kababaihan/grupo ng kabataan), (g) hikayatin ang mga lokal na pamahalaan at komunidad sa proseso ng nrmalisasyon para maisulong ang kultura ng kapayapaan at pagtalikod sa karahasan, (h) palaganapin ang makakapayapaan at inklusibong naratibo gamit ang pakikipagtulungan sa mga lider sa mga paaralan, kolehiyo, komunidad ng pananampalataya, at *social media.*

Sa kabila ng mga pondong ito, ang proseso ng decommisioning at pagbawi ng armas *(disarmament)* ay humaharap sa mga sagka. Napapahintulutan pa rin ang armadong pagsakop sa mga lupain ng mga NMIP, at patuloy na hirap nilang matamasa ang makatarungan at mabisang mga mekanismo para sa *transitional justice* (para tugunan ang mga tunggalian sa lupa, problema sa pagpapaabot sa mga suportang serbisyo, karahasan batay sa kasarian, at mga paglabag sa karapatang pantao.).[35]

## Prosesong Pulitikal, Polisiya, at mga Balangkas




Nef Luczon for the Philippine News Agency

Kalakhan ng mga usaping NMIP ay nag-uugat sa kawalan ng mga kinatawang may kapangyarihan na magsusulong ng kanilang interes sa loob ng gubyerno ng BTA. Dapat kumalas palayo sa marahas na patronaheng pulitikang nakasentro sa MILF/at mga angkan, at trapo, korap, at maka-negosyong pulitika. Ang

[35] Meeting with NMIP leaders, January 12th, 2023

pinakamalaking ODA na nakatuon sa pamamahala ay ang 25.5 Milyong Dolyar, na pinondohan ng European Union at Espanya na *Support to Bangsamoro Transition* (SUBATRA), na naglalagak ng pondo para sa (a) mas mahusay na mga organisasyonal/ligal/ at balangkas ng mga pamantayan/ istruktura sa gubyerno, (b) pinahusay na kapasidad sa pamamahala, , (c) pinaigting na propesyunalismo, motibasyon, pagiging patas at may integridad sa serbisyo-sibil sa Bangsamoro, at (d) pinalakas na kapasidad ng mga insitusyong pangkatarungan ng Bangsamoro para sa paglutas ng mga sigalot, at pagbibigay ng hustisyang parating nakaayon sa mga padaigdigang pamantayan ng karapatang pantao. Kalakip din ng *SUBATRA* ang layunin na "ang mga mamamayan, lalo na ang mga pinaka-bulnerable at napag-iiwanan, ay mapalakas para mas makapag-giit at magkamit ng kanilang mga karapatan."[36] Isa pang malaking pinangggalingan ng pondo para sa pagpapahusay ng pamamahala ay ang 18.4 Milyong Dolyar na *Strengthening the Implementation of Regional and Local Peace and Development Agendas in Mindanao*, na sa isang bahagi, ay naglalayong palakasin ang kapasidad ng state at non-state actors at pahusayin ang koordinasyon ng mga ahensya sa isa't-isa para mas maayos na maipatupad ang mga lokal at rehiyunal na adyendang pang-kapayapaan. Layunin din nito ang pagusulong ng mga mekanismong inklusibo at pagpapasyang sensitibo sa mga sigalot para mapalakas ang paglahok ng mga bulnerableng grupo (tulad ng mga Katutubo.)[37]

Gayong tila kapakipakinabang ang suportang ito, ang mga dokumento ng proyketong nagsasaad ng mga paraan/hakbang ay hindi bukas sa publiko, at ang pagpapalakas ng mga mismong opisina/ahensya ng gobyerno na sangkot sa pagsasantabi at paghihirap ng mga NMIPs ay lalong ikapapahamak nila. Ang dapat pinalalakas ng ODA ay ang mga *Indigenous Political Structures* para mas epektibo nilang maipagtanggol ang interes ng mga Katutubo.

[36] https://subatra.org/subatra/, January 20, 2024
[37] https://www.giz.de/en/worldwide/124119.html, January 20, 2024

**Ano ang ADSDPP?** [38]

Ang ADSDPP, o Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan, ay isang dokumentong nagsasaad ng mga plano, prayoridad, at pagpapatupad ng mga istratehiya para sa pagpapaunlad at pangangalaga ng mga lupaing ninuno, kapaligiran at likas-yaman nito. Ang mga planong ito ay dinisenyo ng mga Katutubo, sa pamamagitan ng prosesong NCIP ang taga-pagpadaloy. Maaring makipag-ugnayan ang mga donor sa mga Indigenous Political Structures, Indigenous Peoples Organizations, at kababaihan at kabataang NMIP kung ang ADSDPP ay kumakatawan ng prayoridad nila sa pag-unlad, o kung may alternatibong plano sa pag-unlad na mas gusto nila.

]

# Konklusyon

Sa kabuuan, ang mga grupo ng mga NMIP ay humaharap sa napakahirap na sitwasyong pulitikal, eknomiko, at panseguridad na nagbubunga ng malawakang mga paglikas o pagpapalayas *(displacement)*, pagkawala ng kabuhayan, at mga paglabag sa karapatan. May pagkakataon ang mga nagpopondo ng mga ODA na makabuluhang makaambag at magdulot ng malaking pagbabago sa sitwasyon na ito kung matapat nilang paninindigan ang mga prinsipyong nakasaad sa Sustainable Development Goals. Gayong maraming mga dokumento ng mga proyektong development aid ang nagsasaad nito, sa praktika, ang mga resulta ay nag-iiba-iba. Pinopondohan ng ODA ang mga kampo ng MILF na Omar at Badre, (matatagpuan sa loob ng lupaing ninuno ng mga Teduray Lambangian) na nagdulot ng talamak na pagkamkam ng mga lupain at paglabag sa karapatang pantao, kasama na ang mga kabuhayan at programang ekonomiko na nagsusulong ng produksyon sa agrikulturang nakatutok sa produksyon para sa pamilihan, na nagbubunga naman ng tunggalian sa rekurso at lalo pang pagkamkam ng lupa. Ang iba namang mga porma ng ODA na kapakipakinabang man ang layunin ay nahaharap pa rin sa maraming sagka tulad ng (a) mga programa para sa serbisyong panlipunan, (b) programa sa transitional justice, pagpigil at pamamagitan sa mga sigalot *(conflict prevention and mediation)*, (c) programa sa pagbuwag sa mga armadong grupo at pagbawi sa kanilang mga armas (*decommissioning*), at pagpigil sa pagkalat ng mga simple maliliit na mga armas, at (d) programa para sa mabuting

[38] https://www.ianfulgar.com/real-estate/ancestral-domains-sustainable-development-and-protection-plan-adsdpp/, July 14, 2024

pamamahala *(good governance).* Panghuli, maraming mga proyektong ODA ang sinasamantala para sa patronaheng pulitikal at korupsyon habang ipinapatupad.

## Mga Mungkahi mula sa Loyukan:

- Tiyakin na ang matapat at taos na proseso ng Free Prior and Informed Consent (FPIC) ay nagagawa para sa mga proyektong balak ipatupad sa mga lupaing ninuno ng mga NMIPs.

- Talikuran ang mga nakasanayang balangkas sa development aid na maka-pribadong sektor, nakatuon sa peg-e-export, at sa halip ay tutukan ang balangkas ng pagpapa-unlad na pinangungunahan ng mga komunidad *(community-led development*). Nangangahulugan ito na ang mga maaapektuhan mamamayan ay dapat buo ang paglahok, mula sa pagpaplano ng proyekto, pagpapatupad, pagsuri at paghusga sa epekto at mga resulta nito. Ang pagtitiyak na tunay na nangunguna ang komunidad sa mga programa at proyekto ng pagpapaunlad ay nakukumplika ng tanong kung sino ba talaga ang lehitimong boses na magsusulong ng interes ng kanilang komunidad. Sa kasalukuyang konteksto ng mga proyekto sa BARMM, dapat ay ugnayan at palahukin ng anumang proyektong makaapekto sa mga NMIP ang mga Indigenous Political Structures, Indigenous Peoples Organizations, at kababaihan at kabataang NMIP. Sa mga NMIPs sa BARMM, maaring kalakip para mapalakas ang kakayahang makapanguna ng komunidad sa pag-papaunlad ng kanyang sarili, ay ang pagpapalakas din sa kakayanan ng komunidad na lumikha ng pagkain para sa kanyang pagkonsumo gamit ang kanilang Katutubong Kaalaman, Sistema, at Gawi.

- Suportahan at palakasin ang kakayanan ng mga Indigenous Political Structures na itindig at itaguyod ang karapatan ng kanilang mga mamamayan.

- Paghusayain ang pagpapalaganap ng impormasyon nang malaman ng mamamayan ang tungkol sa mga proyektong maaaring makaapekto sa kanilang buhay.

- Maglatag ng mga hakbang na pamprotekta pagsuporta partikular sa mga Hindi-Moro na Katutubo (NMIPs), bilang kaiba sa mga Katutubo, dahil ang mga NMIPs ay nahaharap sa mga suliranin bilang NMIP na hindi nararanasan ng ibang mga Katutubong Grupo

- Gawing prayoridad ang mga tiyak na pangangailangan ng mga kababaihan at kabataang NMIP, na magitiyak para sa kanilang makabuluhang paglahok. Lalo pa at mas malaki ang epekto sa kababaihan at kabataang NMIP ng kawalan ng akses sa edukasyon, kalusugan, at iba pang serbisyong panlipunan.

- Dagdagan ang suporta para sa mga mekanismong panseguridad at hustisya na

proteksyon para sa mga NMIPs laban sa pagsakop sa kanilang lupain ng mga armadong grupo. Dapat ding tugunan ng mga mekanismong pang-hustisya ang problema sa pagpapa-abot ng suportang serbisyo, karahasang batay sa kasarian, at mga paglabag sa karapatang pantao.

- Patuloy na sugpuin ang pagkalat ng mga armas, at tiyakin ang buong pagpapatupad ng *Decommissioning Process* alinsunod sa pangakong nakapaloob sa Bangsamoro Peace Process Normalization Track.

- Suportahan ang mga kampanya ng mga NMIP para sa Certificate of Ancestral Domain Titling, pagpasa ng makatarungang IP code na nagtataguyod ng karapatan ng mga NMIP na nakasaad sa BOL at IPRA.

